HealthPlan OF SAN MATEO
Healthy is for everyone

801 Gateway Boulevard, Suite 100
South San Francisco, CA 94080
tel 650.616.0050
fax 650.616.0060
tty 800.735.2929 or dial 7-1-1
www.hpsm.org

October 8, 2026

# ERRATA / ADDENDUM SA 2026 HANDBOOK NG MIYEMBRO NG MCP/ KATIBAYAN NG SAKLAW

## MAHALAGANG PAGBABAGO PARA SA IYONG MIYEMBRO SA 2026

## HANDBOOK: Ilang Pangangalagang Sumusuporta sa Kasarian

Simula sa Oktubre 13, 2026, hindi magbabayad ang Medi-Cal para sa ilang pangangalagang sumusuporta sa kasarian kapag ginagamit ito para gamutin ang gender dysphoria para sa mga miyembro ng Medi-Cal na wala pang 18 taong gulang at para sa mga miyembro ng CHIP na wala pang 19 na taong gulang. Ang pagbabagong ito ay dahil sa isang bagong pederal na batas.

Mga apektadong serbisyo:

- Operasyon, gaya ng mastectomy o breast augmentation
- Mga pampigil sa puberty
- Hormone therapy, gaya ng estrogen o testosterone

Hindi ito nangangahulugan na hindi ka makakakuha ng pangangalaga. Sinusuportahan ng California ang access sa pangangalagang medikal na kinakailangan. Gagamit ang estado ng mga pondo ng estado para magbayad para sa medikal na kinakailangan pangangalagang sumusuporta sa kasarian para sa mga miyembro ng Medi-Cal at CHIP kapag ito ay klinikal na naaangkop at inirerekomenda ng isang kwalipikadong provider.

Ang California Department of Health Care Access and Information (HCAI) ang tutulong sa pagbabayad para sa mga apektadong serbisyo. Ang programang ito ay hiwalay sa Medi-Cal, na pinangangasiwaan ng Department of Health Care Services (DHCS). Ang higit pang detalye ay ipo-post sa mga website ng HCAI at DHCS kapag available na ang mga ito.

Patuloy na magbabayad ang Medi-Cal para sa iba pang medikal na kinakailangang serbisyo ng pangangalagang sumusuporta sa kasarian para sa mga miyembro ng Medi-Cal na wala pang 18 taong gulang at para sa mga miyembro ng CHIP na wala pang 19 na taong gulang. Kaasama rito ang mga pagpapatingin, pagsusuri sa

laboratoryo, speech therapy, at psychotherapy, kapag medikal na kinakailangan. Patuloy ding sasakupin ng Medi-Cal ang mga medikal na kinakailangang serbisyo, kasama ang mga serbisyong nakalista sa itaas, kapag ginagamot nito ang isa pang medikal na kondisyon maliban sa gender dysphoria o kapag ginagamot nito ang isang kumplikasyon, impeksyon, pinsala, sakit, o disorder na sanhi o pinalala ng isang nakaraang procedure. Patuloy na babayaran ng Medi-Cal ang mga serbisyong nakalista sa itaas para sa mga miyembrong may edad 18 at mas matanda.

Kung ikaw ay kasalukuyang nakakatanggap ng isa sa mga apektadong serbisyo:

- Kokontakin ka ng iyong plano sa pinamamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal kung ang pagbabagong ito ay makakaapekto sa pag-apruba para sa isang serbisyo sa o pagkatapos ng Oktubre 13, 2026.
- Kung tatapusin o babawasan ng iyong plano ang nakaraang naaprubahang serbisyo, makakatanggap ka ng nakasulat na Abiso ng Aksyon. Ipapaliwanag nito ang dahilan at ang iyong mga karapatang umapela at humiling ng Pagdinig ng Estado.
- Maaaring mayroon kang mga karapatang ipagpatuloy ang mga benepisyo habang nakabinbin ang isang apela o Pagdinig ng Estado, depende sa iyong sitwasyon.

Mga tanong o tulong:

- Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-750-4776 (TTY 1-800-735-2929 o 711).
- Maaari mo ring kausapin ang iyong provider sa pangangalagang pangkalusugan tungkol sa iyong paggamot at mga opsyon.
- Ang higit pang impormasyon tungkol sa programa ng HCAI ay ipo-post kapag naging available ito.

Pakitabi ang abisong ito kasama ng iyong 2026 Handbook ng Miyembro/Katibayan ng Saklaw. Ina-update nito ang seksyon tungkol sa mga serbisyo sa pangangalagang sumusuporta sa kasarian simula sa Oktubre 13, 2026.